Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KATIPAN SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG HUNYO 30, 1997, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY MABUHAY, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batiaoa	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Homesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramulfo C. Bernal

KAPASYAHAN BLG. 043
Taong 1997

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG MABUHAY AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro minsan sa isang buwan ay nagdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang huling sesyon sa buwang ito ay ginanap sa Barangay Mabuhay ngayong Hunyo 30, 1997;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Mabuhay, gayundin ang mga mamamayang nagnanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa sangguniang bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Mabuhay at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahagi ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Mabuhay sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng Staff nito sa ginawang pagpupulong ngayong Hunyo 30, 1997.

DAHIL DITO sa mungkahi nina Kagawad Cesar T. Batkcos at Kagawad Honesto O. Taytay na pinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Mabuhay at sa mga mamamayan nito ang tauspusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Hunyo 30, 1997.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Mabuhay, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Emiliano Calaton, Punong Barangay para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 30 Hunyo 1997

- -

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

mera/
070197

EMILIANO CALATON
07/08/97